# Ano Ang Dapat Mong Malaman Kung Kailangan mo ng Equipment o Supplies na Sakop ng Medicare

This is an Official U.S. Government Product

## Impormasyon tungkol sa Medicare Durable Medical Equipment, Prosthetics, Orthotics, at Supplies (DMEPOS) Competitive Bidding Program

**Simula sa Enero 1, 2011**, sisimulan ng Medicare ang isang bagong competitive bidding program sa ilang mga lugar sa bansa. Babaguhin ng programang ito ang paraan ng pagbayad ng Medicare sa suppliers para sa ilang durable medical equipment, prosthetics, orthotics, at supplies (DMEPOS) at babaguhin nito ang kung sino ang maaaring mag-supply ng items na ito.

Kung ikaw ay nakatira (o kinukuha mo ang items habang pinupuntahan) ang isa sa mga lugar na ito at ginagamit mo ang equipment o supplies na kasama sa programang ito, kailangan mong gamitin ang Medicare contract suppliers (mga supplier na kalahok sa competitive bidding program dahil tinutupad nila ang kalidad at mga pamantayan sa pananalapi ng Medicare at pumasa ang kanilang mga bid) kung nais mong tulungan ka ng Medicare na bayaran ang item. Kung nagrerenta ka ng oxygen o ibang durable medical equipment, maaaring patuloy kang magrenta ng items na ito mula sa iyong kasalukuyang supplier kapag nagkabisâ ang programa, kung nagpasiya ang supplier na lumahok sa programa bilang supplier na isinali. Kung ikaw ay nakatira (o kinukuha mo ang items na ito habang nagpupunta) sa mga lugar na ito at hindi ka gumagamit ng kontrata ng Medicare o isang supplier na tinulungang pumasok, hindi babayaran ng Medicare ang item at malamang ay babayaran mo ang buong presyo. Mahalagang malaman na kung ikaw ay apektado ng bagong programang ito, siguraduhing sakop ang iyong item upang maiwasan ang maputol ang serbisyo.

## Sino ang maaapektohan ng programang ito, at saang mga lugar?

Maaari kang maapektohan ng bagong programang ito kung ikaw ay nakatira sa (o kinukuha mo ang items habang pinupuntahan) ang sumusunod na lugar:

- Charlotte-Gastonia-Concord (North Carolina at South Carolina)
- Cincinnati-Middletown (Ohio, Kentucky, at Indiana)
- Cleveland-Elyria-Mentor (Ohio)
- Dallas-Fort Worth-Arlington (Texas)
- Kansas City (Missouri and Kansas)
- Miami-Fort Lauderdale-Pompano Beach (Florida)
- Orlando-Kissimmee (Florida)
- Pittsburgh (Pennsylvania)
- Riverside-San Bernardino-Ontario (California)

Upang malaman kung apektado ang iyong ZIP code, tawagan ang 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227), o bisitahin ang www.medicare.gov. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048.

## Anong mga uri ng item ang kasali?

Maaapektohan ka ng bagong programang ito kung ikaw ay nakatira (o kinuha mo ang items habang pinupuntahan) ang mga lugar na nakalista sa itaas AT kinuha mo ang alinman sa sumusunod na items:

- Oxygen, oxygen equipment, at supplies
- Standard power wheelchairs, scooters, at mga accessories nito
- Complex rehabilitative power wheelchairs at accessories nito (Group 2 lamang)
- Mail-order diabetic supplies
- Enteral nutrients, equipment, at supplies
- Continuous Positive Airway Pressure (CPAP) devices at Respiratory Assist Devices (RADs), at supplies at accessories nito
- Hospital beds at accessories nito
- Walkers at accessories nito
- Support surfaces (Group 2 mattresses at overlays sa Miami lamang)

Upang malaman kung ang isang item na ginagamit mo ay kasama sa programa, tumawag sa 1-800-MEDICARE o bisitahin ang www.medicare.gov.

## Ano ang DMEPOS Competitive Bidding Program?

Ang Competitive Bidding Program ang kapalit ng mga lumang presyo na kasalukuyang binabayaran ng Medicare at ang mga ito ay mas mababâ at mas wasto. Sa ilalim ng programang ito, ang mga supplier ay nagbibigay ng mga bid para sa ilang medical equipment at supplies na dapat ay mas mababâ kaysa sa kasaluyang binabayaran ng Medicare para sa items na ito. Ginagamit ng Medicare ang mga bid na ito upang itakda ang halagang babayaran nito para sa equipment at supplies na iyon, at ang kwalipikadong accredited suppliers na nanalo ng bid ang pinipili bilang Medicare contract suppliers. Gagawin ng programa ang sumusunod:

- Tutulungan ka at ang Medicare na makatipid
- Masisigurado nito na may access ka sa ilang mahusay na medical equipment, supplies, at mga serbisyo mula sa mga supplier na mapapagkatiwalaan mo
- Makakatulong ito na mabawasan ang pandaraya at abuso sa Programa ng Medicare

## Pagkatapos magsimula ng programa, kailangan ko bang kunin mula sa isang Medicare contract supplier ang anumang bagong supplies o equipment na kailangan ko?

Kung ang equipment o supplies na sinabi ng iyong doctor o gumagamot na practitioner na kunin mo ay kasama sa Competitive Bidding Program kung saan ka nakatira, karaniwang kailangan mong kunin ang iyong equipment o supplies mula sa isang Medicare contract supplier upang mapabayaran ang item sa Medicare. Gayunman, sa ilang mga kaso, maaaring mag-supply sa iyo ang iyong doctor o gumagamot na practitioner ng isang walker kapag binibigyan ka ng ibang medical care kahit na hindi siya isang  Medicare contract supplier. Gayun din, kung ikaw ay na-ospital at kailangan mo ng walker, maaaring mag-supply ang ospital sa iyo ng walker habang ikaw ay nasa ospital o sa araw na ikaw ay lalabas ng ospital.  Maaari ring patuloy kang makapagrenta ng ilang uri ng medical equipment mula sa iyong kasalukuyang supplier kung nagpasiya ang supplier na iyon na maisali bilang supplier. Sa mga ganoong sitwasyon, tutulungan ka pa rin ng Medicare na magbayad para sa items na iyon.

Upang maghanap ng isang Medicare contract supplier, tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227), o bisitahin ang www.medicare.gov. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048.

## Kailangan ko bang magbago ng suppliers kung nagrerenta na ako ng equipment mula sa isang supplier na hindi Medicare contract supplier?

Kung nagrerenta ka na ng ilang medical equipment o oxygen kapag ang programa ay nagsimula sa Enero 1, 2011, maaari kang manatili sa iyong kasaluyang supplier. Ang mga supplier na hindi Medicare contract suppliers ay maaaring magpasiya na maisali bilang suppliers. Ang isang isinaling supplier ay maaaring magpatuloy na magrenta ng equipment sa iyo kung nagrenta ang supplier sa iyo ng equipment bago nagsimula ang programa. Ang patakarang ito ay umaaplay lamang sa ilang equipment na maaaring irenta, tulad ng CPAP devices, oxygen, at oxygen supplies. Maaari mong patuloy na gamitin ang isinali na supplier na ito hanggang nagtapos ang panahon ng pagrenta para sa iyong equipment. Kung nagsimula kang magrenta ng karagdagang equipment mula sa isang isinaling supplier pagkatapos ng Enero 1, hindi babayaran ng Medicare ang bagong equipment. Kung nagrerenta ka ng equipment na maaaring isali, sasabihin sa iyo ng iyong supplier sa isang sulat, 30 araw ng negosyo bago magsimula ang programa, kung ito ay supplier na maisasali.

## Paano naman ang medical equipment at supplies na kinukuha ko mula sa aking doktor o ospital?

Babayaran ng Medicare ang walker na ibibigay sa iyo ng iyong doktor o nag-aalagang health care provider (kabilang ang mga assistant ng doktor, clinical nurse specialists, at nurse practitioners), kahit na siya ay hindi Medicare contract supplier, basta ang walker ay ibinigay sa opisina habang ikaw ay naroroon upang magpatingin. Kung ikaw ay na-ospital at kailangan mo ng walker, babayaran din ng Medicare ang walker na ibinigay sa iyo ng ospital habang ikaw ay nasa ospital o sa araw na ikaw ay lalabas ng ospital.

## Apektado ba ako kung Ako'y nasa isang Medicare Advantage Plan?

Ang Competitive Bidding Program ay umaaplay sa Original Medicare. Kung naka-enroll ka sa isang Medicare Advantage Plan (tulad ng HMO o PPO), sasabihin sa iyo ng iyong plan kung ang iyong supplier ay nagbabago. Kung hindi ka sigurado, kontakin ang iyong plan.

## Kailangan ko bang magpalit ng doktor?

Hindi. Hindi naaapektohan ng programa ang kung sinong doktor ang puede mong puntahan mo.

## Paano kung kailangan ko ang isang ispesipikong brand ng item o supply?

Ang Competitive Bidding Program ay may mga espesyal na proteksyon upang siguraduhing makuha mo ang mga ispesipikong uri ng medical equipment na kailangan mo upang protektahan ang iyong kalusugan. Kung kailangan mo ng ispesipikong brand ng equipment o supplies, o kung kailangan mo ng item sa isang ispesipikong anyô, dapat magsulat ng reseta ang iyong doktor para sa ispesipikong brand o form. Dapat din isulat ng iyong doktor sa iyong medical record na kailangan mo ang ispesipikong item o supply na ito para sa mga medikal na dahilan. Sa mga ganitong sitwasyon, kailangan gawin ng isang Medicare contract supplier ang sumusunod: ibigay ang eksaktong brand o form ng item na kailangan mo; tulungan kang maghanap ng ibang contract supplier na mayroon noong brand o form; o makipagtulungan sa iyong doktor upang humanap ng alternatibong brand o form na ligtas at mabisâ para sa iyo.

## Kailangan ko bang gamitin ang mail order upang kunin ang aking diabetic supplies para mabayaran ito ng Medicare?

Hindi. Kung nakatira ka sa isa sa mga lugar ng programa, babayaran ng Medicare ang iyong supplies kung gumagamit ka ng mail order contract supplier o kung nagpupunta ka sa botika sa iyong lugar o tindahan. Ang mga tindahan ay hindi kailangang maging Medicare contract suppliers maliban kung sila'y mayroon ding diabetic supplies sa mail.

Kung nagpunta ka sa tindahan sa iyong lugar upang kunin ang iyong diabetic testing supplies, malamang ay mas malaki ang babayaran mo para sa supplies na ito kaysa sa kung binili mo ang mga ito gamit ang isang mail order contract supplier. Tandaan na kung pinili mong bilhin ang iyong diabetic testing supplies gamit ang mail order, dapat kang gumamit ng mail order Medicare contract supplier upang pabayaran sa Medicare ang items.

Ang "mail order" ay nangangahulugang items na inorder sa telepono, email, internet, o mail, at na idineliber sa iyong tirahan gamit ang mga karaniwang carrier tulad ng U.S. Postal Service, Federal Express, o United Parcel Service. Hindi kasama rito ang items na binili mula sa mga tindahan ng supplier sa iyong lugar.

## Paano kung nagbiyahe ako papunta sa isa sa mga lugar na kasama sa programang ito at kailangan ko ng medical equipment o supplies?

Kung nagbiyahe ka sa isang lugar na kasali sa programa, dapat mong kunin ang anumang medical equipment o supplies na kasama sa program mula sa isang Medicare contract supplier.

| Kung permanente kang nakatira sa… | At nagbiyahe ka papunta sa... | Maaari kang magpunta sa... |
|---|---|---|
| **Isang lugar na kalahok sa programa** | Ibang lugar na kalahok sa programa | Isang Medicare contract supplier na nasa lugar na pinuntahan mo para sa items na kasama sa programa* |
| **Isang lugar na kalahok sa programa** | Isang lugar na HINDI kalahok sa programa | Anumang supplier na inaprubahan ng Medicare |
| **Isang lugar na HINDI kalahok sa programa** | Isang lugar na kalahok sa programa | Isang Medicare contract supplier na nasa lugar na pinuntahan mo para sa items na kasama sa programa* |
| **Isang lugar na HINDI kalahok sa programa** | Isang lugar na HINDI kalahok sa programa | Anumang supplier na inaprubahan ng Medicare |

* Kung hindi ka gumagamit ng Medicare contract supplier, maaari kang hilingin ng supplier na pirmahan ang isang Advance Beneficiary Notice. Sinasabi ng notice na ito na maaaring hindi bayaran ng Medicare ang item o serbisyo.  Maaaring hilingin ka ng supplier na bayaran ang buong halaga ng item.

## Kung nagbiyahe ako papunta sa isa sa mga lugar sa programang ito, babayaran ko ba ang parehong halaga na binabayaran ko kapag ako'y nasa aking tirahan?

Ang iyong mga sariling gastos ay pareho sa binabayaran mo kapag ikaw ay nasa iyong permanenteng tirahan. Mananagot ka para rin sa pagbayad ng 20% coinsurance pagkatapos mo matupad ang iyong taunang Part B deductible.

Mahalagang malaman na para sa anumang equipment o supplies na kasama sa competitive bidding program, hindi ka maaaring singilin ng Medicare contract supplier para sa mahigit sa 20% coinsurance at anumang hindi natupad na taunang deductible. Kung sa palagay mo'y mas malaki ang coinsurance na binabayaran mo kaysa sa pinahihintulutan ng Medicare, maaari mong tawagan ang 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Dapat tawagan ng mga tagagamit ng TTY ang 1-877-486-2048. Maaari mo ring tawagan ang Fraud Hotline ng HHS Office of Inspector General sa 1-800-447-8477. Ang mga tagagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-800-377-4950. **Paunawa:** Kung nakatira ka sa Florida, tawagan ang Florida fraud hotline ng Medicare sa 1-866 417-2078.

## Paano binabayaran ng Medicare ang equipment o supplies kung mayroon akong ibang insurance?

Kung iniaatas sa iyo ng iyong primary insurance policy na gumamit ng supplier na hindi kalahok sa programa, maaaring gumawa ng secondary payment ang Medicare sa supplier na iyon. Dapat matupad ng supplier ang mga pamantayan ng Medicare sa enrolment at dapat ito kwalipikadong makakuha ng secondary payments. Para sa karagdagang impormasyon, tanungin ang iyong benefits administrator, insurer, o ang iyong plan provider..

## Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa DMEPOS Competitive Bidding Program?

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang www.medicare.gov, o tumawag sa 1-800-MEDICARE.

CMS Produkto Blg. 11307-T (Tagalog)
Binago noong Hunyo 2010